



FALKLAND ISLANDS GOVERNMENT & BRITISH FORCES SOUTH ATLANTIC ISLANDS

MAGKASAMANG PAHAYAG

Ika-19 ng Hunyo 2020

Inaprubahan ng Executive Council ang pagkakatanggal ng mga paghihigpit sa pagbibyahe

Inaprubahan ngayong araw ng Executive Council ang pagtatanggal ng mga paghihigpit sa pagbibyahe sa gitna ng MPC at Stanley, bilang pagkilala sa kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19 sa Falkland Islands.

Ang mga paghihigpit kaugnay sa mga tauhan ng MPC at yaong mga bumisita sa MPC ay inangat din bilang pagsasaalang-alang sa FIGAS at sa Workboat Services.

Ibinase ang desisyon sa ito sa paghuhusga na wala nang ebidensya na ang COVID-19 ay kasalukuyang nasa isla, at naaayon na sa ngayon na tanggalin ang mga paghihigpit.

Simula noong Biyernes, ika-19 ng Hunyo, parehong ang FIG at BFSAI ay nagkaroon ng siyam na raan at walumpu't isang (981) pagsusuri; kasama na dito ang surveillance swabbing na isinagawa sa loob ng nakaraang dalawang linggo, at sa pagsusuring ito lumabas na walang positibong resulta ng COVID-19. Sa ngayon ay lampas na sa singkwentang (50) araw simula nang huling nagkaroon ng positibong kaso.

Ang panahon ng *positive-free testing* ay naging isang kondisyon din para sa pagluluwag ng mga paghihigpit ng FIG simula ngayong araw para sa mga higit na nanganganib na mga indibidwal, mga negosyo sa hospitality, sinehan, at mga pook palaruan. May sariling mga pagsasaayos ang BFSAI na inilagay sa MPC.

Sa ngayon ay dapat nang maging kumpiyansa ang mga higit na nanganganib na mga indibidwal na makisalamuhang muli ang kanilang mga kaibigan at kapamilya ng walang pangamba. Kung sinuman ay

nakakaramdam ng pangamba, magapi, o nababahala tungkol sa mga pagluluwag ng mga paghihigpit, maaari silang makipagugnayan sa KEMH para sa agarang tulong, patnubay, at suporta.

Inabiso ng Chief Medical Officer na ang kasalukuyang panganib ng COVID-19 ay kinukunsidera na halos wala na at ang abisong ligal mula sa Attorney General ay kumukumpirma na hindi na makatwiran ang paglilimita sa pagbibiyahe.

Kinikilala ng Executive Council na ang Gobyerno ay patuloy na magbibigay ng mahalagang patnubay tungkol sa social distancing at mga kasanayan para sa mabuting pampublikong kalusugan, dahil ito ay nanantiling mahalagang mga pag-iingat kung sakali mang magkaroon ng kaso ng COVID-19. Para maging malinaw, bilang pagdaragdag sa social distancing, may mga ilan pang mga hakbang na makakatulong na makontrol ang maaaring pagkalat ng virus tulad ng striktong mga kasanayan sa mga kamay at pagbahing/pagubo, pananatili sa bahay, at pakikipagugnayan sa KEMH kung ikaw ay may sakit na may sintomas na tulad ng sa trankaso, at madalas na surveillance swabbing.

Kinilala rin ng FIG at BFSAI na magkaroon ng abilidad na ibalik ang mga paghihigpit sa mabilis na paraan kung kinakailangan.

Sinalubong ng BFSAI ang pagpapakawala ng mga paghihigpit sa mga paggalaw ngayong weekend. Ipapanatili ng BFSAI ang ilang mga pag-iingat sa loob ng base, upang mapanatili ang kanilang operational output, at upang matulungan ang pag-transition sa *bagong normal*.

Sa pagsunod sa mensaheng ito, pinapayagan ng BFSAI ang ilang mga espasyo para sa mga residente ngayong weekend; ngunit may mga pagsisikap rin na malimitahan ang mga bisitang military sa Stanley.

Siyempre, ang mga magkakaibigan at mga magkakapamilya sa isla na nahiwalay ng dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe ay maaari na muling magkita-kita. Dagdag pa rito, ipinalam din sa mga BFSAI Contract Management na ang kanilang mga kawani ay maaari nang magbalik sa kanilang pagbibiyahe kung kinakailangan.

Bilang pagsulong, marami pang kailangan na karagdagang mga pag-uusap sa loob ng BFSAI para mapanatiling banayad ang daan patungo sa pagiging normal at pagtutuunan ng pansin ng BFSAI ang mga bagay na ito sa susunod na linggo. Magpapatuloy ang quarantine at surveillance swabbing bilang bahagi ng mga plano.

Ipinapaalala ng Royal Falkland Islands Police sa mga mamamayan na maaaring hindi nakagamit ng MPC road sa matagal na panahon, na mag-ingat ngayong panahon ng tag-lamig. Ang mga transport at taxi operators ay dapat isaisip ang mga patnubay ng FIG tungkol sa mga pag-iingat laban sa COVID-19.

Ninanais at magkasamang kinikilala ng BFSAI at FIG ang mga suporta mula sa mga mamamayan at mga negosyo sa magkaparehong komunidad na malugod na tinanggap ang mga paghihigpit para sa ikabubuti ng pangkalahatang komunidad, sa kabila ng mga idinulot nitong paghihirap at abala. Ang mga ito at iba pang mga pag-iingat ay hindi maikakailang nakatulong sa isla upang marating natin ang posisyon na ito ngayong araw.

Kinikilala rin ng Executive Council na ang pagpasok sa loob ng isla, parehong sa pagdaan sa hangganan ng panghimpapawid o karagatan ay nananatiling pinaka mapanganib at ang matatag na pagsasaayos ng quarantine ng FIG at ng BFSAI ay ang pangunahing *protective factors*.

Dagdag dito, ang mga pagsusuri na may kasamang epektibong contact tracing ay mahalaga upang makontrol ang pagkalat ng kahit na anong virus. Magpapatuloy ang surveillance swabbing sa magkaparehong mga komunidad.

Nang dahil sa mga pagluluwag ng mga paghihigpit ng FIG sa mga higit na nanganganib na nga indibidwal, mga negosyo sa hospitality, sinehan, at mga pook palaruan, nais pasalamatan ng Gobyerno at mga Miyembro ng Legislative Assembly ang lahat ng miyembro ng publiko at komunidad ng mga negosyo sa kanilang kooperasyon, pasensya, at kabutihang loob nitong mga nakaraang tatlong buwan.

Iba pang mga developments o pagsusulong

Antibody testing

Nasa posisyon na ngayon ang KEMH na magsagawa ng mga unang SARS-CoV-2 antibody testing, para maghanap ng mga antibodies sa virus na sanhi ng sakit na COVID-19.

Ang mga miyembro ng publiko na nais sumailalim sa antibody testing ay maaaring makipagugnayan sa KEMHsa pagitan ng mga oras na 10 ng umaga hanggang 12 ng tanghali, Lunes hanggang Biyernes, sa ngayong darating na linggo lamang, at iwan ang kanilang pangalan at numero ng telepono sa receptionist.

Isang miyembro ng clinical team ay makikipagugnayan sa pasyente upang ipaliwanag ang mga rason sa pag-request ng antibody test at ang mga pag-aangkop para isagawa ang pagsusuri. Kung mapatunayan na ang pagsusuri ay naaangkop, ikaw ay mabibigyan ng petsa at oras para sa isang appointment na makunan ka ng blood sample.

Mga paglilipat sa pagitan ng West at mga Isla para sa mga pasyenteng suspetsa na may COVID-19

Nakikipag-ugnayan ang FIG sa Workboat Services Ltd na makabuo ng plano para sa paglilipat ng mga potensyal na pasyenteng nahawaan ng COVID-19 mula sa West Falklands at iba pang mga isla sa KEMH sa Stanley.

Kinumpirma ng WBS, na sa mga agaw-buhay na sitwasyon, ay posible itong makapaglipat ng pasyente sa kanilang deck sa Concordia Bay.

Sa kaso ng West Falkland, ang mga pamamaraan ay, kung ang pasyente ay may sakit na may sintomas ng COVID-19, ito ay titingnan ng isang medical practitioner (na darating sa pamamagitan ng FIGAS), at kung makita na naaangkop itong ilipat, ang pasyente ay bibiyahe sa ferry mula sa West Falklands.

Mula doon ay ililipat sila sa isang ambulansya at bibiyahe na dadaan sa Falkland Sound sa isang sasakyan, na mayroong miyembo ng medical staff.

Tinitingnan pa ang ibang mga paraan ng transportasyon sa mga kaparehong kalagayan mula sa iba pang mga isla papuntang Stanley, gamit ang Concordia Bay.

Magkakaroon ito ng “isolation pod” sa loob ng deck, na may kasamang medical team. Kasalukuyang isinasaayos na rin ang paggamit ng “transport pod”, na maaaring maging solusyon sa hinaharap. Sa kaparehong mga sitwasyon, mahalaga ang mabuting lagay ng panahon sa mga pagtawid.

Hindi maaaring gamitin ang FIGAS sa paglilipat ng mga potensyal na pasyente ng COVID-19.

PAGTATAPOS

Kind regards,

Kevin McCarthy
Head of Communications
Ph 51916